Republika ng Pilipinas
Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan
Lungsod ng Malolos

DEPARTMENT OF EDUCATION email
RECEIVED
September 14, 2015
DIVISION OF CITY OF SAN JOSE DEL MONTE 2:10pm

**Tanggapan ng Punong Lalawigan**

DEPED - DO CSJDM
RELEASED
SEP 17 2015
RECORDS UNIT 1147
TER

Setyembre 9, 2015

**DR. GERMELINA PASCUAL**
City Schools Division Superintendent
Kagawaran ng Edukasyon-Dibisyon ng San Jose del Monte
Lungsod ng San Jose del Monte

Mahal na ***Dr. Pascual:***

Pagbati!

Ang Pamahalaang lalawigan ng Bulacan katuwang ang lahat ng ahensya ay ginagawa ang mga pamamaraan upang mapigilan ang pagdami ng mga batang Bulakenyong nagkakasakit dahil sa dengue. Sa kasaluyan ay may naitala na tayong mahigit tatlong libong kaso ng nagkakasakit dahil dito at siyam na ang namamatay mula sa iba't-ibang bayan at lungsod. Malaking porsyento ng mga kaso ng dengue ay mga batang mag-aaral na may edad 4-10 taong gulang. Dahil dito, magalang kong hinihiling ang inyong pakikiisa at maisakatuparan ang mga sumsunod na tagubilin sa lahat ng paaralan sa buong lalawigan:

1. *Activation* ng *Dengue School Watch Teams* upang pangunahan at subaybayan ang mga gawain hinggil sa dengue prevention and control tulad ng paglilinis o 4'oclock habit, pagsasagawa ng *parents and students dengue forum* upang mapalawak ang kaalaman sa pagsugpo sa lamok na nagdadala ng dengue at iba pang kahalintulad na gawain.
2. Pagsusuot ng damit na may mahahabang manggas, pantalon, medyas at paggamit ng *insect repellants* sa loob ng paaralan at loob ng bahay.

Sa pamamagitan ng ating sama-samang pagkilos at pagtutulungan ay maipagtatagumpayan natin ang ating kampanya laban sa nakamamatay na sakit na dengue.

Sumasainyo,

**WILHELMINO M. SY-ALVARADO**
Punong Lalawigan



To: Public & Private Elementary and Secondary School Heads
For information, dissemination and compliance

**GERMELINA H. PASCUAL**
Schools Division Superintendent